


Atin pong I install ang COCOA (Contact-confirming Application) upang maprotektahan natin ang ating mga sarili, ating mga mahal sa buhay, ating komunidad at ang buong lipunan.

Ministry of Health, Labour and Welfare COVID-19 Contact-Confirming Application (Pinaikli : COCOA)

COVID-19 Contact Confirming Application




* Imahen ng Screen

Ang COCOA ay app ng smartphone na magbibigay ng abiso kung sakaling ikaw ay may posibilidad na nagkaroon ng contact sa taong may impeksyon ng COVID-19

○ Ang App na ito ay magagamit sa pamamagitan ng Bluetooth ng smartphone at makakatanggap ng abiso kung may posibilidad na nagkaroon ng contact sa taong may impeksyon ng COVID-19, subalit bibigyang protekta ang pribado ng bawat isa.


○ Ang gumagamit ng App na ito ay makakatanggap ng suporta mula sa Health Center kagaya ng maagap na pagsailalim sa PCR test kung may posibilidad na nagkaroon ng contact sa taong may impeksyon, makakatulong ang paggamit nito ng karamihan upang makaiwas sa impeksyon.

Posibilidad ng Contact sa pagitan ng 1 metro sa loob ng 15 minute o higit pa



- Ang mga rekord ay pangangasiwaan ng aparato at hindi makakalabas
- Hindi malalaman ng bawat isa kung saan, kalian at kung kanino nagkaroon ng contact
- ※ Ang impormasyon ukol sa contact (random code) ay naka rekord lamang sa aparato ng cellphone
- ※ Ang rekord ay hindi na gagana pagkalipas ng 14 araw
- ※ Ang impormasyon na ukol sa lugar, kontak at maaaring mapagkakilanlan ng indibwal ay hindi naka rekord
- ※ Hindi mare rekord ang impormasyon kung naka off ang Bluetooth

Para sa iPhone



Para sa Android



Para sa detalye



Mga Katanungan at Kasagutan para sa mga gumagamit ng COCOA

Katanungan 1 Ano ang COCOA?

Ito ay App na sinang ayunan ng gagamit at magagamit sa pamamagitan ng Bluetooth ng Smartphone at makakatanggap ng abiso kung may posibilidad na nagkaroon ng contact sa taong may impeksyon ng COVID-19 subalit bibigyan ng protekta ang pribado ng bawat isa. Ito ay nilikha mula sa Application Programming Interfaces (API) na handog ng Apple at Google.

Katanungan 2 Ano ang kabutihan ng paggamit nito?

Ang gumagamit nito ay makakatanggap ng suporta mula sa Health Centert kagaya ng maagap na pagsailalim sa PCR Test kung may posibilidad na nagkaroon ng contact sa taong may impeksyon ng COVID-19. Ang paggamit ng karamihan ay makakatulong upang makaiwas sa impeksyon.

Katanungan 3 Paano mare rekord kung nagkaroon ng contact sa ibang taong gumagamit nito?

Malalaman sa pamamagitan ng Bluetooth ng bawat smartphone sa oras na nagkaroon ng contact ang bawat isa sa pagitan ng 1 metro sa loob ng 15 minute. Ito ay may random code at naka rekord lamang sa cellphone o smartphone at kusang hindi na gagana pagkalipas ng 14 araw. Ang impormasyon ukol sa contact ay hindi malalaman ng iba. Ang record ay mawawala sa oras na dinelete ng may gamit ang app.

Katanungan 4 May posibilidad ba na makalap ang mga Pang indibwal na Impormasyon?

Hindi kinakailangan na ipasok ang inyong pangalan, numero ng telepono, email at iba pang impormasyong mapagkakakilanlan. Ang impormasyon ukol sa contact ay naka rekord lamang sa sariling smartphone at kusang hindi na gagana pagkalipas ng 14 araw. Ang tagapangasiwa nito ay hindi mangangalap at hindi gagamitin ang naka record na impormasyong pang indibidwal.

Katanungan 5 Gagamitin ba ang Impormasyo ukol sa lugar na kinaroroonan?

Ang Impormasyon ng lugar na kinaroroonan o GPS ay hindi ginagamit kaya hindi rin ma re record.

Katanungan 6 May batayan ba upang malaman kung nagkaroon ng contact sa ibang may gamit ng app?

Kung ang gamit na smartphone ay malapit sa ibang may gamit ng app sa pagitan ng 1 metro sa loob ng 15 minute, madaling malalaman kung nagkaroon ng contact. Subalit ito rin ay depende sa paggana ng iyong smartphone, lagay ng paligid (makapal na salamin ng bintana, manipis na dingding at iba pa) o sa direksyon ng smartphone. Maaaring maging iba ang sukat ng oras at distansya kaya hindi rin masisiguro ang eksakto nito.

Katanungan 7 Maaari bang itigil kahit kailan ang paggamit nito?

Maaaring itigil kahit kailan ang paggamit nito, ang mga naka rekord sa loob ng 14 araw ay mawawala lahat.

Katanungan 8 Anong uri ng abiso ang matatanggap sa App?

Makakatanggap ng abiso kung ikaw ay may posibilidad na nagkaroon ng close contact sa isang tao na positibo ang resulta ng PCR Test na na ine rehistro bilang kasunduan. Ang close contact ay mangyayari sa pagitan ng 1 metro sa loob ng 15 minute o mahigit, sa loob ng 14 araw. Kapag nakatanggap ng abiso, piliin ang sariling sintomas at makikita ang mga gabay at mga dapat kontakin at konsultahin.

Katanungan 9 Madali bang makakatanggap ng abiso kung ang nagpa rehistro ang isang tao na positibo ang resulta ng test?

Ang abiso ay dumarating 1 beses sa 1 araw, maaring hindi dumating agad depende sa timing ng pag rehistro ng app. Kung I set ng ON ang abiso ng app, makikita ito sa screen ng smartphone.

Katanungan10 Ano ang mangyayari kung hindi ipina rehistro na pasitibo ang resulta ng test?

Ang pag rehistro kung ikaw ay naimpeksyon ay boluntaryo ayon sa kasunduan, subalit ang pag rehistro nito ay makakatulong sa mga taong nagkaroon ng contact sa iyo, sila ay makakatanggap ng suporta sa Health Center sa pamamagitan ng maagap na eksamen.

Katanungan11 Ano ang dapat gawin kung nakatanggap ng abiso na nagkaroon ng contact sa taong impeksyon?

Sundan ang mga hakbang na lalabas sa screen ng smartphone. Makikita rito ang mga gabay at mga impormasyon ukol sa mga nararapat kontakin at konsultahin.

Katanungan12 Ano ang paggagamitan ng mga nakalap na impormasyon sa app ng Ministry of Health, Labour and Welfare?

Ang mga nakalap na impormasyon sa app ay hindi gagamitin ng Ministry of Health, Labour and Welfare at hindi kailangang ipasok o itala ay pangalan, numero ng tedlepono at ibang impormasyon para sa pagkakakilanlan.